Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

Synod 2021 2024 For a synodal Church communion | participation | mission

# PATNUBAY SA MISA

1 Setyembre 2024 | Ika-22 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

## Mamuhay Tayo Ayon sa Utos ng Diyos

*Mula nang unang magkasala sina Adan at Eba, ang puso ng tao ay nanatiling nakalantad sa mararahas na puwersang sumisira sa mga tao at lipunan. Sa mga kautusan, ibinigay sa atin ng Diyos ang mabisang panananggalang na nagpoprotekta sa atin mula sa karahasan ng mga mapanirang simbuyo at nagbibigay-daan sa atin na mamuhay nang may pagkakaisa, pakikipagtulungan at kaganapan. Tungkulin natin na isabuhay ang mga Utos ng Diyos at gawin itong batayan ng ating matuwid na pamumuhay.*

*Sa pagdiriwang ngayon ng Eukaristiya, taimtim nating ipagdasal ang pagpapahalaga sa mga Utos ng Diyos at pagtalima rito di lamang bilang mga indibiduwal, kundi pati na rin bilang isang pamayanan at isang bansa.*



### PASIMULA

#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**D'yos ko, ako'y kahabagan sa maghapong panawagan. Dulot mo'y kapatawaran sa lahat ng nagdarasal dahil lubos kang magmahal.**

#### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

***B*** – **Amen!**

***P*** – Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

#### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo's maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Manahimik saglit.)*

***P*** – Sinugong tagapagpagaling sa mga nagsisisi, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Dumating na tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi, Kristo, kaawaan mo kami!

***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen!**

#### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin.

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

*P* –Ama naming makapangyarihan, tanang pinakamabuti'y iyong tinataglay. Gawin mong sa aming kalooba'y manuot ang pag-ibig sa iyong ngalang dakila at bantog upang sa pag-unlad ng aming pagsunod sa pananampalatayang iyong ipinagkaloob, mapagyaman mo ang kabutihang iyong inihandog at ang iyong pinagyaman ay mapanatili mong lubos sa iyong pagsubaybay sa amin at pagkupkop sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* –**Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Deut 4:1-2.6-8***

*Ang pagsasabuhay sa utos ng Diyos at pag-iwas sa pag-manipula rito ang malinaw na tanda ng ating paggalang at pagpapahalaga rito. Ganito ang mensahe ni Moises sa bayang Israel noong higit sa 3,000 taon nang nakalilipas at sa atin din ngayon.*

*L*– Pagbasa mula sa Aklat ng Deuteronomio

**Sinabi ni Moises sa mga tao: "Ngayon, mga Israelita, upang mabuhay kayo nang matagal at makarating sa lupaing ibinigay sa inyo ng Panginoon, unawain ninyong mabuti at sundin ang tuntuning itinuturo ko sa inyo. Huwag ninyo itong daragdagan ni babawasan. Sundin ninyo ito nang walang labis at walang kulang.**

**Unawain ninyo ito at sunding mabuti. Sa gayon, makikita ng ibang bansa ang inyong karunungan at lawak ng pang-unawa. Sa gayon, hindi nila mapipigilang sabihin ang ganito: 'Ang bansang ito'y matalino at may malawak na pagkaunawa.' Sinong diyos ng ibang bansa ang handang tumulong ano mang oras liban sa Panginoon? Aling bansa ang may tuntuning kasing-inam ng mga tuntuning ibinigay ko sa inyo ngayon?"**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Awit 14***

*B* –***Sino kaya'ng tatanggapin sa templo ng Poon natin?***

*R. M. Velez*




* **Yaong mga masunurin na sa iyo'y nakikinig, at ang laging ginagawa'y naaayon sa matuwid. Kung mangusap ay totoo, sa lahat at bawat saglit, yaong gawang paninira'y hindi niya naiisip. *B.***

* **Kailanman, siya'y tapat makisama sa kapwa, sa kanyang kaibiga'y wala siyang maling gawa. Hindi siya nagkakalat ng di tunay na balita. At itinatampok niya ang matapat sa lumikha. *B.***

* **Hindi siya humihingi ng patubo sa pautang, at kahit na anong gawi'y hindi siya masuhulan, upang yaong walang sala'y patawan ng kasalanan. Ang ganitong mga tao'y mag-aani ng tagumpay. *B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***San 1:17-18.21-22.27***

*Sa pagbasang ito, binibigyangdiin ni Apostol Santiago ang pangangailangang patunayan natin ang ating pananampalataya sa mga kongkretong pagpapahayag ng Kristiyanong pagmamahal.*

*L*– Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol Santiago

**Mga kapatid: Bawat kaloob na mabuti at ganap ay buhat sa langit, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa langit. Hindi siya nagbabago. Hindi niya tayo iniiwan o binabayaan man sa dilim. Niloob niyang tayo'y maging anak niya sa pamamagitan ng salita ng katotohanan, upang matangi tayo at maging higit sa lahat ng kanyang mga nilalang.**

**Buong pagpapakumbabang tanggapin ang salita ng Diyos na natanim sa inyong puso. Ito ang makapagliligtas sa inyo. Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pinakikinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili.**

**Ganito ang pagkarelihiyoso na minamarapat at kinalulugdan ng ating Diyos at Ama: tulungan ang mga ulila at mga babaing balo sa kanilang kahirapan, at ingatan ang sarili na huwag mahawa sa kasamaan ng sanlibutang ito.**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Aleluya**

*B* –**Aleluya! Aleluya!
Magulang nati'y D'yos Ama, anak ng salita niya, tayong mga aning una.
Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Mc 7:1-8. 14-15.21-23***

*Sa pagbasa ngayon, binabatikos ni Hesus ang mga eskriba at mga Pariseong higit na nagpapahalaga sa mga usaping legal kaysa sa diwa ng utos ng Diyos, na dili iba't pagmamahal at pagkahabag.*

*P* –Sumainyo ang Panginoon!
*B* –**At sumaiyo rin!**
*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
*B* –**Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, may mga Pariseo at ilang eskribang galing sa Jerusalem, na lumapit kay Hesus. Nakita nila na ang ilan sa mga alagad ni Hesus ay kumain nang hindi muna naghugas ng kamay sa paraang naaayon sa turong minana nila.**

**Ang mga Judio, lalo na ang mga Pariseo, ay hindi kumakain hangga't hindi nakapaghuhugas ng kamay ayon sa mga turong minana nila sa kanilang mga ninuno. Hindi rin sila kumakain ng anumang galing sa palengke nang hindi muna ito hinuhugasan. At marami pang ibang minanang turo ang kanilang sinusunod, tulad ng tanging paraan ng paghuhugas ng mga inuman, ng mga saro, ng mga sisidlang tanso, at mga higaan.**

**Kaya't tinanong si Hesus ng mga Pariseo at mga eskriba, "Bakit hindi sumusunod ang**

**mga alagad mo sa mga turo ng ating mga ninuno? Kumain sila nang hindi man lamang naghugas ng kamay ayon sa paraang iniutos!" Sinagot sila ni Hesus, "Tama ang hula ni Isaias tungkol sa inyo. Mapagpaimbabaw nga kayo, gaya ng kanyang isinulat:**

**'Paggalang na handog sa 'kin ng bayan ko'y paimbabaw lamang, sapagkat sa bibig at hindi sa puso ito bumubukal. Pagpuri't pagsambang ginagawa nila'y walang kabuluhan, ang utos ng tao ay itinuturong utos ng Maykapal.' Niwawalang-kabuluhan nga ninyo ang utos ng Diyos, at ang sinusunod ninyo'y ang turo ng tao."**

**Muling pinalapit ni Hesus ang mga tao at sinabi sa kanila, "Makinig kayong lahat, at unawain ang aking sasabihin! Hindi ang pumapasok sa bibig ng tao ang nakapagpaparumi sa kanya sa mata ng Diyos kundi ang mga nagmumula sa kanya. Sapagkat sa loob – sa puso ng tao – nagmumula ang masasamang isipang nag-uudyok sa kanya na makiapid, magnakaw, pumatay, mangalunya, mag-imbot, at gumawa ng lahat ng kabuktutan, tulad ng pagdaraya, kahalayan, pagkainggit, paninirang-puri, kapalaluan, at kahangalan. Ang lahat ng ito'y nanggagaling sa puso ng tao, at siyang nagpaparumi sa kanya."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

*B* – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Sumasampalataya

*B* – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

*P* – Ipinaaalaala sa atin ngayon ng Mabuting Balita ang dakilang kahalagahan ng paglinang ng tamang saloobing moral at ng pagsunod sa utos ng Diyos. Bunsod ng pananalig sa Kanyang pagmamahal sa atin, manalangin tayo:

*B* – **Bukal ng kabanalan, dinggin Mo kami!**

* Para sa Simbahan at mga pinuno nito: Nawa'y isaayos nila ang kanilang mga pinahahalagahan nang hindi napadadala sa mga uso o sa hinihingi ng pagkakataon. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga magulang: Nawa'y turuan nila ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng salita at mabubuting halimbawa, at nawa'y ang kanilang asal ay tuwinang gabayan ng utos ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng nagtuturo ng Relihiyon: Nawa'y akayin nila ang kanilang mga estudyante sa isang maayos na pagtanggap sa mga pagpapahalaga ng Ebanghelyo upang mamuhay alinsunod sa ganitong mga pagpapahalaga. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa kabataan sa buong mundo, lalo na sa ating bansa: Nawa'y tanggihan nila ang anumang panghamak at di-karapat-dapat sa tao, at tupdin ang sa kanila'y nagpapadakila. Manalangin tayo! ***B.***

*Para sa ating lahat: Nawa'y mapanatili natin na walang bahid ng maruruming isipan at hangarin ang ating mga puso. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng kasapi sa "catechetical ministry": Nawa sila'y suportahan ng kanilang komunidad sa kanilang mahalagang misyong pagtuturo ng pananampalataya. Manalangin tayo! ***B.***

*P* – Panginoong Diyos, isinugo Mo ang Iyong Anak upang ipaalaala sa amin ang pangangailangan sa mga tamang pagpapahalaga sa buhay. Ipagkaloob Mo sa amin ang biyaya na malaman namin ang tama, gawin ang mabuti, at magpunyagi sa paglilingkod sa Iyo hanggang sa wakas ng aming buhay.

*B* – **Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

*P* – Manalangin kayo . . .

*B* – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

*P* – Ama naming Lumikha, ang banal na paghahain ay lagi nawang magdulot ng iyong pagbabasbas na sa ami'y tumutubos upang ang ginaganap mo sa aming pagdiriwang ay maging lubos na pagkakaloob ng iyong pagmamahal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen!**

## Prepasyo II

*P* – Sumainyo ang Panginoon!

*B* – **At sumaiyo rin!**

*P* – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

*B* – **Itinaas na namin sa Panginoon!**

*P* – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

*B* – **Marapat na siya ay pasalamatan!**

*P* – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**

***P*** – Hinihiling namin . . .

***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*** **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Kahanga-hangang lasapin ang pagkupkop mo sa amin. Ito'y iyong inilihim nang dito'y pakinabangin tanang sa 'yo'y gumigiliw.**

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** – Ama naming mapagmahal, kaming nagsalu-salo sa pagkain mong bigay ay humihiling ng lakas mong inilalaan upang ang kagandahang-loob nami'y madagdagan sa paglilingkod namin sa iyong kadakilaan na nagpapaalab sa pag-ibig namin sa kapwa tao sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P*** – Sumainyo ang Panginoon.

***B*** **– At sumaiyo rin!**

***P*** – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

– Nawa'y ingatan ng di-malirip na kapayapaan ng Diyos ang ating mga puso't diwa sa pagmamahal at kaalamang nagbubukas sa pintuan ng buhay na walang hanggan.

***B*** **– Amen!**

***P*** – At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B*** **– Amen!**

***P*** – Humayo kayo upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

***B*** **– Salamat sa Diyos!**

## MAALAM AT MARUNONG, HINDI LANG MATALINO

*Kalakbay at Katoto*

Marami ang mabait na tao sa mundo. Kay daming mababait na politico sa bayan natin, mababait na mga pinuno ng bayan.

Marami rin ang marurunong sa lipunan natin. Magagaling, mahuhusay, maraming pinag-aralan. Kay dunong nila kung kaya't lahat yata ng problema ay meron silang solusyon.

Marami ang masisipag sa bayan natin. Marami ang subsob sa trabaho, na nagbubuhos ng kanilang oras sa anumang pinagkakaabalahan.

Kung ang pag-uusapan ay dunong, kabaitan, kasipagan, marami ang nararapat maging pinuno ng bayan; marami ang dapat ay may tangang kapangyarihan sa lipunan.

Nguni't tingnan natin sumandali ang mga pagbasa sa araw na ito . . .

Sa unang pagbasa, malinaw ang koneksyon ng dalawang bagay – karunungan at pakikinig. Hindi mahalaga ang dunong kung walang kakayahang makinig at tumalima sa batas ng Panginoon. At ang pakikinig ay nagbubunga ng paggawa ng makatarungan . . . karunungan na kaakibat ng katarungan.

Ang tugon matapos ng unang pagbasa ay isang pagdidiin sa parehong katotohanan: *"Ang gumagawa ng katarungan ay mamumuhay sa harapan ng Panginoon."*

Hindi rin nalalayo ang sinasaad sa ikalawang pagbasa. Paggawa, hindi lamang pag-ngawa ang inaasahan sa atin. Pagtupad, hindi lamang masusing paghahangad, ang siyang dapat pag-ukulan ng pansin ng lahat. Ang katarungang hinihingi ni Santiago ay may kinalaman sa pagmamalasakit sa mga ulila, mga biyuda, at mga walang kaya.

Ito ang matinding problema

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

ng mga Pariseo at mga eskriba. Alam nila ang batas. Alam nila ang tama. Alam nila kung ano ang sinasaad ng kautusan. Alam nila ang batas at ang butas nito upang makalusot sa maraming bagay.

Mahalaga na maunawaan natin ang tinutumbok ng mga pagbasa. Karunungan, hindi katalinuhan . . . kabutihan, hindi kabaitan. At ang kabutihang ito ay makikita sa paggawa ng katarungan, hindi sa pag-ngawa kapag malapit na ang eleksyon, hindi sa paninira ng kalaban, kundi sa pagtupad sa tawag ng kabutihan.

Maraming mababait, matatalino, at masisipag sa lipunan. Pati mga Pariseo at eskriba ay maalam at matatalino. Maraming naghahangad na maging pinuno ng bayan ang mababait. Subali't puedeng maging mabait, nguni't hindi mabuti.

Ang kabaitan ay isang birtud. Malinaw ito. Nguni't sa hanay ng mga birtud, ay mayroong higit na mahalaga kaysa sa iba. Ang kabaitan ay puedeng hatid ng makasariling mga layunin, na malimit ay lingid rin sa kaalaman ng isang tao. Ito ang motivacion, ang siyang nagtutulak sa isang tao upang maging mabait, masunurin, o magalang. Ang puno at dulo ng kautusan ay hindi ang gawin tayong mabait, kundi mabuti . . . tulad ng Diyos, na modelo at simulain ng lahat ng kabutihan. Ang kabaitan ay puedeng magmula sa isang makasariling layunin, upang makakuha ng papuri ng madla. Ang kabutihan ay nagmumula sa dalisay na kagustuhang matulad sa Diyos, hindi upang palakpakan ng balana.

Malaki ang pananagutan nating lahat. Tayong lahat ay nag-asal Pariseo sa buhay natin . . . tulad ng eskribang kay husay magsulat at magsalita. Sa buong Asia, Pinoy ang silang kilala sa mga talumpati, sa mga debate, at sa pag-ngawa. Kasama ako rito, at kayong lahat na nagbabasa nito. Sa araw na ito, malinaw ang panawagan. Malinaw ang magandang balita. Hindi katalinuhan o kaalaman, bagkus karunungan. Hindi kabaitan, kundi kabutihan. Tulad ng Diyos, na Siyang bukal ng dilang kabutihan at kabanalan!

